
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN IV**



## MODYUL 1

# KATUTURAN AT KAHALAGAHAN NG EKONOMIKS

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 1**

**KATUTURAN AT KAHALAGAHAN NG EKONOMIKS**




Narito ka ngayon sa unang modyul ng iyong kursong Ekonomiks para sa ikaapat na antas ng mataas na paaralan. Anu-ano ang sumasagi sa iyong isipan kung susuriin mo ang katagang ekonomiks? Marahil, ang una mong maiuugnay sa salitang iyan ay pagnenegosyo. Pangalawa ay pagbabadyet at pagpapalago ng kita ng pamilya. Pangatlo, ay ang pagkakaroon ng empleyo at sapat na kita ng mga mamamayan na sumasagisag sa katatagan at kaunlaran ng bansa. Kung ang lahat ng iyan ang iyong naisip ay tama ka! Ngunit bahagi lamang iyan ng mga paksang pag-aaralan mo.

Bilang panimulang pag-aaral, liliwanagin sa modyul na ito ang katuturan at kahalagahan ng ekonomiks bilang isang agham panlipunan. Sasagutin dito ang mga sumusunod na tanong: Ano nga ba ang ekonomiks at ang mga sangay nito? Bakit mahalaga ang ekonomiks sa isang bansa? Paano makatutulong sa pamamahala ng kaunlaran ng pamilya, mga industriya, at ng buong bansa and mga konsepto at prinsipyo sa ekonomiks?



May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Ekonomiks Bilang Agham Panlipunan
- Aralin 2: Kahulugan at Saklaw ng Ekonomiks
- Aralin 3: Layunin at Kahalagahan ng Ekonomiks



Pagkatapos mong mapag-aralan ang mga paksang nakatala sa itaas, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang kahulugan at saklaw ng ekonomiks at ang mga suliraning tinutugunan nito;
2. Matutukoy ang pangunahing layunin ng ekonomiks bilang isang agham panlipunan ;
3. Matutukoy ang kahalagahan ng ekonomiks sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng pamilya, ng mga industriya, at ng mga bansa;

4. Masusuri ang mga pamamaraan at kagamitan sa pag-aaral ng ekonomiks bilang agham panlipunan; at
5. Matatalakay ang sariling pananaw hinggil sa kaugnayan ng ekonomiks sa pang-araw-araw na buhay.

Bago mo taluntunin ang mga nakahandang aralin sa modyul, alamin mo muna kung ano ang antas ng iyong kaalaman sa iba't ibang konsepto at paksang tatalakayin sa mga aralin.




## PANIMULANG PAGSUSULIT

Panuto: Piliin ang pinaka-angkop na kasagutan sa bawat tanong. Isulat sa iyong kuwaderno ang titik ng tamang sagot.

1. Ang salitang ekonomiks ay galling sa salitang *oikonomeia,* isang salitang Griyego na
   ang ibig sabihin ay
   A. pamamahala ng negosyo.
   B. pakikipagkalakalan.
   C. pamamahala ng tahanan.
   D. pagtitipid.

2. Ang ekonomiks ay isang agham panlipunan sapagkat
   A. pinag-aaralan dito kung paano nagtutulungan ang mga tao upang matugunan ang kanilang materyal na pangangailangan at mapataas ang antas ng kabuhayan.
   B. nagbibigay ito ng mga suhestiyon upang maging mapayapa ang ating daigdig.
   C. pinag-iisipan sa araling ito kung paano magkakamal ng salapi ang tao.
   D. pinag-aaralan dito kung paano natin mahihigitan ang kita ng ating kapwa tao.

3. Ang pinagkukunang-yaman ng mundo ay may kakapusan. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** tamang paliwanag ng konsepto ng kakapusan?
   A. Hindi nakasasapat ang mga yamang likas upang maibigay ang lahat ng hilig- pantao kayat lumilikha ang mga tao ng iba pang mga produkto upang mapunan ang marami pa nilang pangangailangan at mga hilig.
   B. Hindi lubos na nakasasapat ang pinagkukunang-yaman upang matugunan ang lahat ng pangangailangan ng mga tao sa mundo.
   C. Ang kalikasan ay mauubusan ng mga likas na yaman kung hindi gagamitin nang wasto ang mga ito.
   D. May kakapusan ang pinagkukunang-yaman ng daigdig dahil malapit nang magwakas ang daigdig.

4. Habang ang pinagkukunang-yaman ng daigdig ay may hangganan, ang mga pangangailangan at hilig-pantao naman ay
   A. may hangganan din.
   B. kaunti lamang kayat madaling tugunan.
   C. parami nang parami at walang katapusan.
   D. kagaya pa rin noong unang panahon at di nadaragdagan.

5. Nagkakaroon ng kakapusan sa daigdig sapagkat
   A. lumiliit ang sukat ng daigdig.
   B. nadaragdagan ang sukat ng daigdig habang lumalaki ang bilang ng mga tao rito.
   C. nananatiling maliit ang sukat ng daigdig gayundin ang bilang ng mga tao rito.
   D. pareho pa rin ang sukat ng daigdig habang mas mabilis naming lumalaki ang bilang ng mga tao at ang kanilang mga pangangailangan at hilig.

6. Ang pangunahing suliranin ng tao na tinutugunan ng ekonomiks ay
   A. labis na dami ng pinagkukunang-yaman ng lipunan at kakaunting pangangailangan at hilig-pantao.
   B. kakapusan ng mga pinagkukunang-yaman ng lipunan at dumaraming mga pangangailangan at hilig-pantao.
   C. pagsugpo sa paglaki ng populasyon sa daigdig.
   D. pagpapalawak ng kaalaman sa teknolohiya.

7. May tatlong pangunahing uri ng pinagkukunang-yaman na mahalaga sa paglikha ng mga serbisyo at produktong makatutugon sa mga pangangailangan ng tao. Aling pangkat ang nagsasaad ng mga ito?
   A. lupain, teknolohiya, at yamang-tao
   B. puhunan, yamang-tao, at negosyo
   C. yamang-likas, puhunan, at teknolohiya
   D. yamang-likas, puhunan, at yamang-tao

8. Ang pangangailangan ng mga tao ay maaaring uriin sa dalawa:
   A. Luho at Hilig
   B. Likas at Di-Likas
   C. Materyal at Di-materyal
   D. Produkto at Serbisyo

9. Ang mga bagay na kailangan ng mga tao upang mapanitili ang kanilang buhay at kalusugan sa araw-araw ay itinuturing na
   A. luhong pangkatawan.
   B. pangunahing pangangailangan.
   C. hilig-pantao.
   D. sekundaryong pangangailangan.

10. Ang mga sumusunod na mga konsepto  ay nagbibigay ng kahulugan ng ekonomiks. Alin ang pinakaangkop na kahulugan?
    A. Pagpapalago ng negosyo at kabuhayan ng mga tao sa bansa.
    B. Pagpapayaman upang maging bahagi ng mataas na lipunan.

C. Paggamit at pagbabahagi ng mga pinagkukunang-yaman ng lipunan upang makabuo ng mga produkto at serbisyong makatutugon sa mga paparaming pangangailangan at hilig-pantao.
D. Paggamit at pagbabahagi ng pinagkukunang-yaman ng lipunan at paglikha ng mataas na kalidad na produkto at serbisyong makatutugon sa mga paparaming pangangailangan at hilig-pantao sa presyo at paraang pinakamatipid.

11. Ito ang pamamaraan o mekanismo ng pamamahagi ng mga pinagkukunang-yamn sa iba't ibang gamit upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao sa lipunan.

A. produksyon
B. alokasyon
C. imbensyon
D. kalkulasyon

12. May tatlong pangunahing katanungang sinasagot ang ekonomiks. Alin ang hindi kasama sa pangkat?

A. Ano ang mga produkto at serbisyong kailangan ng lipunan?
B. Paano lilikhain ang mga kailangang produkto at serbisyo?
C. Para kanino ang mga lilikhaing produkto at serbisyo?
D. Paano titipirin ang mga sangkap sa paggawa ng produkto?

13. Dalawa ang pangunahing sangay ng pag-aaral ng ekonomiks. Ang una ay tumutukoy sa pagpapalago ng produkto at kita ng pamilya o bahay-kalakal. Ano ang tawag sa sangay na ito?

A. makro-ekonomiks
B. maykro-enterprays
C. makro-enterprays
D. maykro-ekonomiks

14. Ang pangalawang sangay ng pag-aaral ng ekonomiks ay nagsusuri ng mga impluwensiya ng kalakalan sa pagtaas ng pambansang kita, paglawak ng pandaigdigang pamilihan, at pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga tao sa daigdig. Ano naman ang tawag sa sangay na ito?

A. globalisasyon
B. makro-ekonomiks
C. maykro-ekonomiks
D. kapitalismo

15. Ang ekonomiks ay tungkol din sa pagsasagawa ng mga desisyon o pagpili ng mga alternatibo. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na halimbawa ng mabuting desisyon o alternatibo sa punto ng ekonomiks?
    A. Si Paolo ay nasa unang taon sa kolehiyo. Nag-iisang anak siya. Mahirap
    lamang ang kanyang mga magulang ngunit nagsisikap silang palaguin ang sariling negosyo upang mapag-aral sa pribadong paaralang pangkolehiyo sa Maynila si Paolo. Nangungupahan si Paolo sa isang boarding house. Malaki ang ipinadadalang panggastos o allowance ng kanyang mga magulang dahil ayaw ng kanyang ina na siya ay kapusin sa pagkain at mga kagamitan sa pag-aaral. Subalit sa tuwing matatanggap ni Paolo ang kanyang allowance, ginagamit niya ang malaking bahagi sa paninigarilyo at panonood ng sine gawa ng masamang impluwensiya ng kanyang barkada. Natuto rin siyang magsugal at di naglaon ay napabayaan ang pag-aaral. Inaasahan ng kanyang mga magulang na siya ay magtatapos pagkaraan ng apat na taon, subalit pangalawang taon pa lamang ay wala na siyang interes sa pag-aaral at pinili niyang tumigil na lamang at makipagbarkada.
    B. May mga bansa sa daigdig na ang prayoridad ay ang pagpaparami ng armas pangdigma. Sa halip na magtayo ng mga paaralan na sapat sa bilang ng mga kabataan, malaking porsiyento ng pambansang badyet ang inilalaan sa pagbili ng armas at sandata upang palakasin ang kanilang sandatahang lakas.
    C. Malaki ang komisyon ni Mr. Vargas buhat sa ahensiyang pinapasukan sa pagbebenta ng real estate sa Cavite. Ipangmamatrikula iyon ng panganay niyang anak. Ihuhulog na sana ni Mr. Vargas sa bangko ang kanyang komisyon ngunit nahilingan siya ng mga kaibigan sa kumpanya na ipagdiwang ang kanyang naging tagumpay. Niyaya siyang maglibre ng hapunan at inuman sa isang restawran at bar.

Hindi naman siya tumanggi at inisip na lamang na kaunti lamang ang kanyang gagastusin. Subalit lumaki ang gastos. Pag-uwi niya sa tahanan ay nanlumo siya sapagkat halos wala nang natira sa kinita niyang komisyon at kinakailangan siyang mangutang na lamang upang mabayaran ang matrikula ng kanyang anak.

D. Isang *garment factory* para sa mga sanggol ang pag-aari ng mga magulang ni Alfred at pinamamahalaan ng kanyang ina. Nagsimula ito sa maliit na puhunan at maliit na tubo, ngunit sinigurado ng kanyang ina na mahusay ang mga tela at matibay ang pagkakayari ng mga damit pambata. Nag-empleyo sila ng magagaling na mananahi at inialok sa mga malalaking *mall* ang kanilang produkto. Dahil sa de-kalidad na produkto, dumami ang naghahanap ng kanilang produkto at lumaki ang produksyon. Ipinagpatuloy ng kumpanya ang de-kalidad na yari ng kanilang produkto at di naglaon ay lumakas ang kita at tubo nito. Upang mapagaan at mapabilis ang paggawa, ang ilang porsiyento ng tubo ay inilaan sa pagbili ng makabagong makina at pagsasanay sa mga mananahi sa makabagong teknolohiya. Ngayon ay isa nang malaking exporter ng mga damit pambata ang kaniyang mga magulang.

16. Bilang isang agham panlipunan, gumagamit ng siyentipikong paraan sa pag-aaral ng ekonomiks. Ibig sabihin nito ay

A. tinatanggap ang mga haka-haka lamang sa paggawa ng mga desisyon.

B. naglilikom at nagsusuri ng mga datos o impormasyon upang makapagbigay ng lapat o angkop na kongklusyon.

C. sapat na ang pansariling opinyon upang makabuo ng kongklusyon.

D. ang sasabihin lamang ng mga suplayer ang siyang tama sapagkat sila ang may hawak ng puhunan; walang saysay ang mga kahilingan ng mga konsyumer.

17. Ano ang pinakamahalagang layunin ng ekonomiks bilang isang agham panlipunan?
    A. Maibigay ang hilig ng mga mariwasang tao kahit na maraming mahihirap.
    B. Maitaas ang antas ng pamumuhay ng lahat ng mamamayan sa isang bansa.
    C. Mapag-aralan ang pamamaraan ng pagtaas ng pambansang kita.
    D. Makalikha ng mga produkto at serbisyong pang-internasyonal at makapaglingkod sa ibang bansa.

18. Mahalaga at makabuluhan ang pag-aaral ng ekonomiks para sa mga kabataan. Ano sa palagay mo ang pinakamabuting maidudulot sa iyo ng pagkakaroon ng kaalaman sa ekonomiks?
    A. Maisasaulo ang mga konsepto sa ekonomiks upang madaling makapasa sa kolehiyo.
    B. Maaari kang magsilbing kritiko ng pamahalaan.
    C. Mapag-aaralan ang mga gawi, kilos, at siyentipikong pamamaraang makatutulong sa iyo sa pagdedesisyong pangkabuhayan ngayon at sa hinaharap.
    D. Magkaroon ka ng kakayahang makapagturo rin ng ekonomiks.

19. Malaki ang bahaging ginagampanan ng ekonomiks sa lipunan. Alin sa mga pangungusap ang nagsasaad ng diwang ito?
    A. Sa tulong ng pagsusuri sa ekonomiks, napaghahagdan-hagdan ang katayuan ng mga tao sa lipunan kayat nauuuri natin ang mahihirap, nakaririwasa, at mayayaman.
    B. Upang tumaas ang ekonomiya ng isang bansa, kailangang sundin nito ang mga patakaran ng mayayamang bansa.
    C. Ang paglikha ng mga produktong tutugon sa anumang hilig-pantao ay mahalaga kayat dapat ipagpatuloy and produksyon ng mga ito kahit na masira ang mga yamang likas sa daigdig.

D. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng ekonomiks, nakatutuklas ng paraan upang patuloy na tumaas ang antas ng kita, empleyo, seguridad, at kagalingang panlipunan ng mga mamamayan sa isang bansa.

20. May mga kagamitang pantulong sa pag-aaral ng ekonomiks tulad ng istatistiks, ekwasyon at pormula sa matematiks, logic o mapanuring pag-iisip, at paggamit ng mga datos o pruweba. Lahat ng mga dahilang nakatala sa ibaba ay tama, maliban sa isa. Alin ang hindi tamang dahilan kung bakit may mga kagamitang pantulong sa pag-aaral ng ekonomiks?
    A. Upang magkaroon ng batayan ang mga mungkahing solusyon o mga kongklusyon hinggil sa mga suliraning pang-ekonomiya at pangkaunlaran.
    B. Maganda sa paningin ang mga drowing at ilustrasyon.
    C. Nailalarawan at naipaliliwanag na mas higit ang mga konsepto kaya nakatutulong sa mag-aaral sa pag-unawa ng mga ito.
    D. Naipakikita ang mga puntos ng pagkakaiba at pagkakatulad ng mga datos kayat nagiging kawili-wili ang pagsusuri ng mga ito.

Binabati kita at natapos mo ang panimulang pagsusulit. Itsek mo ang iyong mga
sagot sa Gabay sa Pagwawasto na matatagpuan sa likod ng modyul. Kung hindi mo nasagutang lahat ang mga aytem, huwag mangamba. Pag-aaralan mong mabuti ang mga paksang hindi malinaw sa iyo sa mga aralin sa modyul.

**ARALIN 1**


## ANG EKONOMIKS BILANG AGHAM PANLIPUNAN



Sa pagsusuri ng iba't ibang aspeto ng lipunan, ang agham panlipunan ay may iba't ibang pamamaraan ng pag-aaral. Sa isang aklat na sinulat ni Tereso S. Tullao, Jr., kanyang isinaad:

> "Kapag ang pagsusuri ay nakatuon sa kasarinlan, kalayaan, at kapangyarihan ng lipunan at ng mga miyembro nito, ang agham pampulitika ang siyang ginagamit. Sa sosyolohiya, ang kiling ng pag-aaral ay nasa pagsusuri ng kultura, paniniwala, pagpapahalaga, at kagawiang lumilitaw sa sining, literatura, relihiyon, at iba pang bahagi ng pamumuhay. Ang pag-aaral ng kasaysayan naman ay natutungkol sa pagtatala at analisis ng mga karanasan ng isang lipunan sa bawat panahon sa pagsagot nito ng mga pangunahing layuning mapanatili at mapaunlad ang lipunan. Sa ekonomiks, ang tindi ng pagsusuri ay ang pamamaraan ng materyal na kabuhayan ng isang lipunan."
>
> (Sanggunian: Tullao, Tereso S. Jr. *Unawain Natin ang Ekonomiks sa Diwang Pilipino*. Phoenix Publishiing House: 1990)

Pagtutuunan ng pansin sa araling ito ang sinasaklaw ng ekonomiks bilang isang sangay ng agham panlipunan. Gaya ng nabanggit sa simula ng modyul, susuriin natin kung ano ang ginagampanang papel nito sa materyal na kabuhayan ng lipunan. Tatalakayin din natin kung ano ang mga pamamaraan at kagamitang makatutulong sa iyo bilang mag-aaral upang maging tagumpay ka sa pag-aaral ng ekonomiks.



Pagkatapos mo ng mga gawain sa araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang mga salik at dahilan kung bakit ang ekonomiks ay isang agham panlipunan; at

2. Maipaliliwanag at magagamit ang mga pamamaraan at kagamitan sa pagsusuri ng mga konsepto at prinsipyo sa ekonomiks.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Kung ikaw ay nagbabasa ng pahayagan, napapansin mo marahil ang iba't ibang paksang nalalathala sa araw-araw. Basahin mo ang mga paksang nakatala. Alin sa mga ito ang bahagi ng mga paksa sa ekonomiks? Bakit? Isulat sa kwaderno ang iyong mga sagot.

| | |
|---|---|
| 1. | 2. |
| Suplay ng langis, nababawasan<br>Halaga ng gasolina, tumaas na naman | bagong mall sa cavite, binuksan<br>maliliit na negosyo, nadagdagan |
| 3. | 4. |
| Pagtaas ng minimum wage<br>Hiniling ng mga manggagawa<br>Upang may maipantawid-gutom | kita ng ofws sa iba't ibang bansa<br>umabot na sa 8 bilyong dolyar<br>sektor ng serbisyo, umuunlad |
| 5. | 6. |
| Pagtataas ng pasahe, pinag-aaralan<br>Transport Operators, Pinagsusumite<br>Ng proposal | mga bangko, nagtaas ng<br>interes; mga depositor<br>inaasahang dadami! |

**Ang Ekonomiks at ang Lipunan**

Isa-isahin natin ang mga konseptong nakapaloob sa mga balitang binasa mo:

*Balita 1:* Tumutukoy sa suplay ng produkto at pagtaas ng presyo ang balitang ito.

*Balita 2:* Tungkol naman sa pagdami ng pamilihan at pagkakaroon ng dagdag na empleyo ang buod ng pamagat.

*Balita 3:* Pagtaas ng kita at paglutas ng kahirapan ang tinutukoy sa pamagat ng balitang ito.

*Balita 4*: Tungkol sa kontribusyon ng isang sektor ng ekonomiya (OFWs) sa pambansang kita ang laman ng balitang ito.

*Balita 5*: Suliranin sa pagtaas ng presyo ng gastusin at mababang kita ng mga nasa sektor ng paggawa ang iniuulat.

*Balita 6:* Pag-iimpok at pagbabangko naman ang pokus ng balitang ito.

Ang mga paksang nabanggit ay siyang sakop ng pag-aaral ng ekonomiks. Mahalagang tandaan na ang ekonomiks ay sumasaklaw sa lahat ng mga suliranin at solusyong napapaloob sa pagtugon ng mga pangangailangang pangkabuhayan at pangkaunlaran ng mga tao sa lipunan. Mula sa paggising natin sa umaga hanggang sa pagtulog natin sa gabi, ang ekonomiks ay nasasalamin sa lahat ng galaw at kilos natin sa buhay. Nasasalamin ito sa pagdedesisyon kung paano ibabadyet ang kita ng ating mga magulang, kung paano ibabadyet ang allowance ng mag-aaral na gaya mo sa maghapon, kung ano ang bibilhin nating ulam sa palengke, at kung ano ang mga mas mura at matipid na gamit sa bahay gaya ng sabon, inumin, merienda, asukal at gatas. Kapag tayo'y nagtatanong tungkol sa ating kinabukasan, gaya ng pagtatanong kung may mapapasukan kang trabaho pagkatapos mo ng pag-aaral, o paano ka makatutulong sa pagtitipid upang hindi kapusin sa panggastos and pamilya mo sa araw-araw, ikaw ay nag-iisip ng tungkol sa ekonomiks. Anupa't ang ekonomiks ay isang disiplina na iniluwal ng pangangailangan ng mga tao sa lipunan upang masagot ang mga pang-araw-araw na problema sa kabuhayan.

Napapaloob sa pag-aaral ng ekonomiks kung paano tutugunan ang mga pangangailangan ng mga tao sa lipunan kayat ito'y nabibilang sa agham panlipunan.

Ang lipunan ay isang grupo o samahan ng mga taong nagsasama sa isang teritoryo, may magkakatulad na paniniwala simulain, lahi, karanasan, at mithiin. Kung may mga suliraning hinaharap ang isang lipunan ay nararapat na sama-samang lutasin ng mga tao o miyembro ng lipunang iyon ang mga nasabing suliranin. Sa ekonomiks, ang mga suliraning pinag-aaralang lutasin ay yaong may kinalaman sa kabuhayan at kaunlaran ng lipunan gaya ng mga nabanggit sa mga halimbawa.

Ang kabuhayan o materyal na pangangailangan ng lipunan ang paksa o diwa ng ekonomiks. Sa bawat araw, kung papansinin mo ang laman ng mga pahayagan, nalalantad sa atin ang mga suliranin sa lipunan na nakakaapekto sa ating mga pananaw at pamumuhay sa araw-araw. Kung iyong papansinin ang mga pamagat ng mga balita sa simula ng araling ito, nakatuon ang mga iyan sa mga suliraning pangkabuhayan ng lipunan at sa mga desisyong kinakailangan upang malutas ang mga nabanggit na suliranin. Ang ilan sa mga suliranin ay maaaring tungkol sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa palengke, mababang kita na hindi nakasasapat sa pagbili ng mga kailangan ng bawat pamilya, o kaya'y ang napakalaking suliranin ng kahirapan. Sinisikap ng mga ekonomista, sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga ikinikilos at gawi ng mga tao sa lipunan, na magbigay ng mga rekomendasyon sa pamahalaan hinggil sa mga pamamaraan upang matugunan ang mga suliraning pangkabuhayan. Halimbawa nito ay ang pagpapaunlad ng iba't ibang sektor na pang-ekonomiya, at ang pag-aaral at pagpapatupad ng mga paraang makatutulong sa pagpapalago ng pambansang kita.

**Ang Ekonomiks Bilang Isang Agham**

Ang ekonomiks, gaya rin ng ibang sangay ng agham panlipunan ay gumagamit ng siyentipikong pamamaraan sa pag-aaral ng lipunan. Mahalaga ang siyentipikong pamamaraan sa ekonomiks lalung-lalo na sa paggawa ng mga desisyon. Ang mga desisyon at solusyon sa mga suliraning pangkabuhayan ay dapat na nakabatay sa mga datos o impormasyon at di sa opinyon at haka-haka

o tsismis lamang. Kinakailangan din ang pagkalap ng tunay na sitwasyon at pagpapahalaga ng mga mamamayan at di batay ang desisyon sa ilang makapangyarihang grupo lamang. Ang pansariling opinyon ay mahalaga ngunit di sapat upang makabuo ng desisyon. Kayat mahalaga ang sistematikong pamamaraan.

Ayon kay Tullao (1990), ang siyentipikong pamamaraan ay isang sistematiko at paikot na paraan sa pagsagot ng isang problema na binubuo ng limang baytang.

Ang unang hakbang ay ang paglalahad ng problema na dapat sagutin. Ang problema ay maaaring tumugon sa kakulangan sa kaalaman o sa pagpapaunlad ng isang pamamaraang ginagamit sa kasalukuyan.

Ang ikalawang hakbang ay ang pagbibigay ng haypotesis o isang haka-haka o panukalang kasagutan sa problemang sinusuri at pinag-aaralan. Batay ito sa mga obserbasyon ng isang mananaliksik o sa mga naunang pag-aaral o sa mga tinatanggap na teorya. Upang mapatunayan o matanggap ang haypotesis, nararapat na magkaroon ng isang imbestigasyon o paghahanap at paghahagilap ng mga datos o impormasyon na makatutulong sa pagpapatunay ng haypotesis. Maaaring mag-eksperimento, o kaya'y magsagawa ng pagtatanong, pananaliksik, at iba pang paraan upang makuha ang mga impormasyong kailangan.

Ang ikaapat na hakbang ay ang pagsusuri sa mga nalikom na datos at impormasyon. Isinasaayos ang mga ito upang lumitaw o ihalaw ang kasagutan o kongklusyon sa problema. Batay sa pagsusuri ng mga isinaayos na datos at impormasyon, maaaring tanggapin o tanggihan ng imbestigador o mananaliksik ang haypotesis bilang kasagutan sa problemang inilahad. Kung ang haypotesis ay hind tama, babalik na naman ang imbestigador sa unang hakbang at gagawa ng panibagong haypotesis na iimbestigahan.

Ang siyentipikong pag-aaral ay isang paikot na paraan na pinagmumulan ng mga kaalaman at teoryang ginagamit sa pagpapaunlad ng ekonomiya. Ito ay isinasagawa upang makatulong sa lipunan sa pagtuklas ng mga paraang magpapabuti ng antas ng kabuhayan.


**Mga Kagamitang Pantulong sa Pag-aaral ng Ekonomiks**

Bilang isang agham panlipunan, at siyentipikong pag-aaral, gumagamit ang mga ekonomista ng mga kagamitang makatutulong sa pag-unawa ng kalagayang pangkabuhayan at paglutas sa mga suliraning pang-ekonomiya ng lipunan.

Ang mga kasangkapan o kagamitan ng mga ekonomista ay ang mga statistiks, ekwasyon o pormula sa matematiks, logic o mapanuring pag-iisip na sinusuportahan ng mga datos o impormasyon mula sa tunay na buhay, at iba pang pruweba o datos na maaaring numero o impormasyon.

Mahalaga ang mga kagamitang pantulong sa pag-unawa ng ekonomiks para sa mga mag-aaral na katulad mo. Nakatutulong ang mga ito sa mas malinaw na pag-unawa ng mga konsepto at prinsipyong kailangan mong matutuhan at magamit sa tunay na buhay. Nakatutulong din ang mga ito sa pagpapapagaan ng analisis ng mga datos at impormasyon, sa pagbibigay ng prediksyon, at sa pagbubuo ng mga konklusyon. Pag-aralan mo ang mga sumusunod na halimbawa. Una ay ang *pie graph* (*Figure 1*) tungkol sa distribusyon ng populasyon rural at urban. Suriin natin ang mga datos na nakalarawan.

**Figure 1 – Proportion of Urban and Rural Population and Barangay: Philippines 2000**




**Source: NSO, 2000**

Isang pantulong sa ekonomiks ang ganitong paglalarawan ng mga konsepto upang maging mas masigla at malinaw ang pagsusuri. Nasaan ang mas malaking porsiyento ng populasyon ng ating bansa? Halos pareho lamang ang dami ng populasyong urban at rural, hindi ba? Ngunit kung papansinin mo, mas marami ang mga barangay sa pook rural at kaunti lamang ang nasa mga pook urban, kayat mas nagsisikip ang mga barangay sa mga pook urban dahil halos kasindami rin sila ng mga taong taga-rural. Makatutulong ang larawan sa iyo upang mas higit mong maunawaan at maitanim sa isipan ang pagkakaiba ng bilang at dami ng tao sa mga pook rural at urban sa ating bansa. Mahalagang alamin ang impormasyong iyan sapagkat iba't ibang suliraning pang-ekonomiya ang nakabatay sa kapaligiran.

Pag-aralan mo ngayon ang susunod na tsart, kung saan ipinakikita ang antas ng
pagtaas ng produksyon at kita (*Growth Rates*) sa pagitan ng mga pook rural at urban.

Figure 2. **Growth Rates of Rural, Urban**

| Year | **Rural** | Urban |
|---|---|---|
| 1948-1960 | **2.55** | 3.76 |
| 1960-1970 | **2.78** | 3.76 |
| 1970-1980 | **1.93** | 4.32 |
| 1980-1990 | **0.6** | 4.82 |
| 1990-1995 | **0.3** | 5.0 |

Source: PopCom, 2001

Ano ang kongklusyong mabubuo mo buhat sa mga datos sa *Figure 2*? Mapapansin mo na ang kita at antas ng pamumuhay at produksyon (*Growth Rates*) sa mga pook rural ay nahihigitan ng kita at produksyon sa mga pook urban. Mas maraming trabaho at mas mataas ang presyo at sweldo sa mga pook

urban. Samakatuwid, ito ang dahilan kung bakit nagnanais ang maraming tao na magtrabaho at manirahan sa mga pook urban gaya ng Kalakhang Maynila at iba pang siyudad.

Kung iuugnay mo sa naunang *pie graph* (*Figure 1*) ang *Figure 2*, ang mga impormasyon sa dalawang paglalarawan ay nakapagbibigay ng mga pruweba sa kongklusyong maaari nating ibigay. Kung nagsisikip sa mga pook urban, at walang mga oportunidad sa pagtaas ng kita at pamumuhay sa mga pook rural, ano ang maaaring gawin para sa suliraning iyan? Kinakailangang lumikha ng mas maraming empleyo at pamilihan sa mga pook rural upang magkaroon ng pantay na oportunidad sa pook rural at urban man. Sa ganyang paraan, tataas din ang antas ng pamumuhay sa mga pook rural, at di na kailangang lumuwas sa mga pook urban upang magtamasa ng kaginhawahan ang mga nasa pook rural. Maiiwasan din ang pagsisikip ng mga pook urban at maiiwasan ang mga suliraning dulot ng migrasyon sa mga siyudad.

Sa susunod na halimbawa (*Figure 3)*, makikita mo bilang mag-aaral ng ekonomiks ang kinakailangang pruweba upang masabi natin kung umuunlad nga ba o hindi ang ekonomiya ng ating bansa. Ano ang sinasabi ng mga datos?

*Figure 3.* ***GNP and GDP by Industrial Origin***


| *Growth Rates (at constant 1985 prices)* | *Third Quarter* | | *Fourth Quarter* | |
|---|---|---|---|---|
| | 2003 | 2002 | 2003 | 2002 |
| **AGRICULTURE, FISHERY AND FORESTRY** | 5.5 | -0.4 | 3.3 | 2.2 |
| Agriculture and fishery | 4.4 | -0.1 | 3.0 | 2.6 |
| Forestry | 313.3 | -43.7 | 167.4 | -67.6 |
| **INDUSTRY** | 2.3 | 4.4 | 3.1 | 3.4 |
| Mining and Quarrying | 17.8 | 60.9 | 19.7 | 47.0 |
| Manufacturing | 4.4 | 2.7 | 4.8 | 3.3 |
| Construction | -10.7 | 3.0 | -8.2 | -4.3 |
| Electricity, Gas and Water | 3.0 | 4.1 | 3.0 | 4.2 |
| **SERVICES** | 5.6 | 5.0 | 5.6 | 5.1 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Transport and Communication | 7.9 | 7.4 | 8.3 | 8.9 |
| Trade | 5.0 | 4.6 | 5.3 | 5.5 |
| Finance | 6.5 | 4.4 | 6.9 | 2.7 |
| Real Estate | 4.0 | 2.1 | 3.7 | 1.4 |
| Private Services | 4.9 | 5.6 | 5.1 | 5.2 |
| Government Services | 5.8 | 5.3 | 3.5 | 3.8 |
| **GROSS DOMESTIC PRODUCT** | 4.4 | 3.8 | 4.3 | 3.9 |
| **GROSS NATIONAL PRODUCT** | 5.9 | 3.1 | 5.7 | 3.2 |

*Source: Economic and Social Statistics Office, National Statistical Coordination Board, as compiled by Business World, 2003.*

Ano ang kongklusyong lumilitaw sa mga datos na nakatala sa tsart sa *Figure 3*? Mapapansin mo na ang kinita ng Pilipinas sa loob ng bansa (*Gross Domestic Product* o GDP) at ang kabuuang kinita sa loob at labas ng bansa (*Gross National Product* o GNP) ay mas malaki noong *Third Quarter* ng 2003 kaysa 2002 sa iba't ibang sektor, at gayundin noong noong huling kwarter (*Fourth Quarter*). Masaya na sana tayo dahil tumaas ang produksyon at pambansang kita noong 2003, kumpara sa 2002. Subalit kung titingnan muli ang mga datos, dapat tayong mabahala sapagkat lumiit nang kaunti ang kinita noong huling kwarter ng 2003 (*Fourth Quarter*) kung saan ang GDP ay 4.3% at ang GNP ay 5.7% kumpara sa ikatlong kwarter (*Third Quarter*) ng parehong taon kung saan ang GDP ay 4.4% at ang GNP ay 5.9%. Samakatuwid, dapat na gumawa ng paraan ang pamahalaan upang mapanatili o maipagpatuloy pa ang pagtaas ng kita at produksyon at di tuluyang bumaba gaya ng ipinakikita ng mga datos.

Kailangan ang mga impormasyong galing sa mga kasangkapan ng ekonomiks sa pagbuo ng kongklusyon at desisyon upang maiwasan ang mga pagkakamali sa pagbuo ng desisyong magdudulot ng higit pang problema sa lipunan. Ang mga datos na iyan ay mahahalagang batayan o pruweba sa mga maaaring prediksyon, kongklusyon, at mungkahing solusyon sa mga problemang pangkabuhayan na nais nating mabigyan ng kalutasan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang mga sumusunod na datos at impormasyon ay makapagbibigay ng kaalaman tungkol sa mga sektor ng ekonomiya. Bagamat hindi pa lubos na natatalakay dito sa aralin ang mga konseptong kailangan upang maunawaan mo ang mga datos, subukin mong palalimin ang iyong kasanayan upang magsagawa ng analisis at magbigay ng sariling kongklusyon batay sa mga datos na inilalarawan.


Pag-ugnayin mo ang mga datos sa dalawang tsart (Figure 4 at Figure 5) upang makabuo ka ng kongklusyon. Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong analisis at konklusyon. Itsek mo ang iyong sagot sa Gabay sa Pagwawasto sa hulihan ng modyul.

*Figure 4:* ***Growth Rate by Sector (%)***

| Year | Agriculture | Industry | Services |
|---|---|---|---|
| 1996 | 4.1 | 5.5 | 6.4 |
| 1997 | 2.6 | 6.8 | 5.5 |
| 1998 | -6.6 | -1.9 | 3.5 |
| 1999 | 6 | 0 | 4.1 |
| 2000 | 2.3 | 4 | 4.4 |

*Source: Philippine Statistical Yearbook as compiled by Lee, 2001*

*Figure 5:* Pagtaas ng Kita ng Sektor Serbisyo




*Source:*

*Ferdinand C. Maquito and Peter Lee U, 2001, "Towards a Strategy for Exports of Manufactured Goods Under an FTA: A Survey of Japanese Corporations in the Philippines", PIDS.*



**Tandaan Mo!**

- Ang pokus o diwa sa pag-aaral ng ekonomiks ay kung paano tutugunan ang mga suliranin at pangangailangan ng mga tao sa lipunan kayat ito'y nabibilang sa agham panlipunan. Sinusuri at tinatalakay sa agham na ito ang mga suliraning pangkabuhayan lalung-lalo na iyong may kinalaman sa pagpapataas ng antas ng pamumuhay ng bawat pamilya at ng buong bansa.
- Bilang isang agham, gumagamit ang ekonomiks ng siyentipikong pamamaraan at mga kasangkapan o kagamitan sa paglikom ng datos o impormasyon upang makabuo ng matalinong kongklusyon, prediksyon, at rekomendasyong pangkabuhayan.
- Ang mga kasangkapan o kagamitan ng mga ekonomista ay ang mga statistiks, ekwasyon o pormula sa matematiks, logic o mapanuring pag-iisip na sinusuportahan ng mga datos o impormasyon mula sa tunay na buhay, at iba pang pruweba o datos na maaaring numero o impormasyon.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ipagpalagay mo na ikaw ay isang mananaliksik sa ekonomiks. Naatasan kang pag-aralan ang kinikita ng iba't ibang sektor ng paggawa sa inyong bayan. Tawagin natin ang bayan mong Talisay. Sa iyong pagsasaliksik, 100 mamamayan ang iyong nilapitan at tinanong kung gaano ang kinita nila sa buong taon ng 2005. Ang mga datos na iyong nakalap ay isinaayos mo at inilagay sa tsart na nasa ibaba.

Ano ang mga konklusyong maibibigay mo batay sa mga datos na iyo kunwaring ng nakalap? Batay sa kinita ng iba't ibang pangkat, masasabi mo ba

na maunlad ang inyong bayan? Aling pangkat ng mga manggagawa o sektor ng eknomiya ang dapat bigyan ng tulong ng inyong pamakahalaang bayan sa Talisay? Bakit? Ano ang maaaring magawa ng inyong pamahalaang bayan upang mas mapaunlad pa ang ekonomiya ng inyong bayan? Pagkaraang magawa mo ang analisis, itsek mo kung tama ang iyong sagot sa *Gabay sa Pagwawasto* sa hulihan ng modyul.

Figure 6: Kinita ng Iba't Ibang Sektor sa Paggawa sa Taong 2005 Sa Bayan ng Talisay


| *Sektor ng Paggawa* | *Bilang ng Lumahok* | *Kabuuang Kita sa 2005* |
|---|---|---|
| Maggugulay | 25 | P 55,000 - 70,000 |
| Mangingisda | 25 | P 95,000 - 187,000 |
| Negosyante ng Bigas (Buy and Sell) | 25 | P 200,000 - 250,000 |
| Manggagawa sa mga Pabrika | 25 | P 90,000 - 156,000 |
| Kabuuan | 100 | P 450,000 - 663,000 |

**ARALIN 2**

**KAHULUGAN AT SAKLAW NG EKONOMIKS**



Nabatid mo sa Aralin 1 na sinisikap ng ekonomiks na tugunan ang mga suliraning pangkabuhayan ng mga tao sa lipunan sa sistematiko at siyentipikong paraan. Titiyakin naman dito sa Aralin 2 kung anu-ano ang mga suliraning iyan. Ipaliliwanag din nang mas malalim ang kahulugan, saklaw, at mga sangay ng ekonomiks gamit ang mga datos na natalakay na sa unang aralin.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makapagbibigay ng malawak na depinisyon o kahulugan ng ekonomiks;
2. Matatalakay ang mga suliraning tinutugunan ng ekonomiks; at
3. Matutukoy ang mga sangay at ibat' ibang aspeto sa pag-aaral ng ekonomiks.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo**

Marami at iba't iba ang pananaw tungkol sa kahulugan ng ekonomiks. Basahin mo ang bawat isa at itsek mo kung alin para sa iyo ang pinaka-angkop na kahulugan.

___ **1.** Pag-aaral ng pagtitipid at pagbabadyet sa paglikha at alokasyon ng mga produkto at serbisyo upang hindi kapusin sa mga pangangailangan ang pamilya, ang mga bahay-kalakal, ang buong bansa at maging ang buong daigdig.

___ **2.** Pamumuhunan sa negosyo at pagpapalago ng kita at tubo ng negosyo, o pangngapitalista.

___ **3**. Pagtugon sa tatlong pangunahing tanong na: ano ang mga produkto at serbisyong ipoprodyus, paano ipopprodyus ang mga ito, at para kanino ang ipoprodyus na mga produkto at serbisyo.

___ **4.** Pagdedesisyon ng isang indibidwal kung paano gagamitin ang salapi sa pagbili ng pinakamahusay na produkto sa pinakamurang halaga; at pagdedesisyon ng mga bahay-kalakal o mga negosyante kung paano makabubuo ng pinakamahusay at de-kalidad na produkto o serbisyo sa paraang pinakamatipid.

___ **5.** Pag-aaral ng pananalapi, pagbabangko, at paggamit ng kapital o puhunan upang palaguin ang kayamanan ng mga at establisimyento sa lipunan.

___ **6.** Pakikipagkalakalan sa loob at labas ng bansa upang mapunuan ang mga kakulangan sa pangangailangan at hilig-pantao sa bansa.

**Mga Sangay at Pokus ng Ekonomiks**

Ano ang pinili mong kahulugan ng ekonomiks? Lahat ng nakalista ay maaaring tanggapin, subalit iba iba ang pokus ng mga kahulugang nakatala. May nakapokus sa produksyon lamang at pagpapalago ng kita ng indibidwal o bahay kalakalan ( o *firm* sa Ingles) gaya ng bilang 2, 3, at 4. Tinatawag itong maykro-ekonomiks, na itinuturing na isang sangay din ng ekonomiks. Kung susuriin, yaong mga suliraning patungkol sa mga pagbili at pagbibili sa mga pamilihan o merkado, presyo ng bilihin, demand at suplay, pagpapadami ng produksyon ng isang kumpanya o negosyante, at pagtaas at pagbaba ng presyo ay nabibilang sa maykro-ekonomiks. Dito sa sangay na ito, pinag-aaralan kung paano magkakaroon ng malaking tubo mula sa maliit na puhunan, paglago ng negosyo, at malikhaing pagsasanib ng mga salik ng produksyon upang mapalago ang

produksyon at kita ng indibidwal na negosyante o ng mga bahay-kalakal o establisimyento.

Ang ibang kahulugan ng ekonomiks ay nakapokus sa pangkalahatang pagpapaunlad ng kalakalan, pananalapi, at kagalingang panlipunan sa loob at labas ng bansa o sa buong daigdig, gaya ng bilang 1, 5, at 6. Tinatawag itong makro-ekonomiks, ang pangalawang sangay ng ekonomiks. Ang pagtutuos ng pangkalahatang produksyon at kita ng lahat ng puwersa ng paggawa sa isang bansa ay kasama sa pag-aaral sa sangay na ito. Dito nakapaloob ang pagsusuri sa GNP at GDP, mga paglago ng kita produksyon ng iba't ibang sektor, at ang paglutas ng kahirapan, gaya ng mga inilarawang datos sa Aralin 1. Ang pagsusuri sa pangkalahatang kalagayan ng kalakalan sa pagitan ng mga bansa ay sakop din ng makro-ekonomiks.

**Pangkalahatang Kahulugan ng Ekonomiks**

Nagkakatulad ang mga depinisyon ng ekonomiks, kahit may iba't ibang sangay ito, sa punto ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga tao at sa paraan ng paggamit, alokasyon, at pagpapalago ng mga yaman ng lipunan.

Itinuturing na pinakamalawak at pormal na depinisyon ng ekonomiks ang sumusunod: *Ang ekonomiks ay isang agham panlipunan na natutungkol sa paggamit at alokasyon o pamamahagi ng mga kapos na pinagkukunang-yaman (scarce resources) ng lipunan upang makalikha ng pinakamahusay at de-kalidad ng mga produkto at serbisyong makatutugon sa paparaming pangangailangan at hilig ng tao sa paraang pinakamatipid at pinakamabisa.* Matatalakay mo ba kung anu-ano ang mahahalagang aspeto ng depinisyong iyan?

## Mga Suliranin at Aspetong Tinutugunan ng Ekonomiks

Kung susuriin mo ang inilahad na pormal na depinisyon ng ekonomiks, iba't ibang aspeto ang nakapaloob dito.

1. Ang pangunahing aspetong tinutugunan ng ekonomiks ay ang tunggalian ng suliranin ng kakapusan ng pinagkukunang-yaman sa daigdig, o *scarcity*, at ang paparami at walang hangganang pangangailangan at hilig-pantao. Ang ekonomiks ay isang sangay ng agham panlipunan na natutungkol sa paggamit ng mga kapos o di-sapat na pinagkukunang-yaman upang magamit sa pagbuo o paglikha ng mga produkto at serbisyong makatutugon sa walang katapusan at paparaming pangangailangan at hilig ng tao.

   Sa patuloy na pagdami ng mga tao sa lipunan sa lahat ng bansa at sa buong daigdig ang kanilang mga pangangailangan at hilig ay di nababawasan bagkus ay patuloy pang nadaragdagan at sadya yatang walang katapusan. Sa isang banda, maraming ebidensya na kung hindi makokontrol ang paglaki ng populasyon sa mundo, sa bandang huli, ay maaaring magdusa ang mga tao sa dahilang titindi ang kakapusang mararanasan natin sa daigdig. Ang pinagkukunang-yaman ng daigdig ay di makasasapat sa mga pangangailangan at hilig ng tao na paparami nang paparami, lalo pa't tumataas ang antas ng teknolohiya sa ating buhay. Samakatwid, ang pinagkukunang-yaman ng daigdig ay may kakapusan lalo na't kung hindi gagamitin nang wasto at kung hindi makalilikha ang mga tao ng iba pang bagay o produkto mula sa kaunting nalalabing biyaya ng kalikasan. Halimbawa ay ang simpleng papel na ginagamit natin sa pag-aaral at sa iba pang maraming gawain at personal na pngangailangan. Ang demand o pangangailangan sa papel ay higit pang dumarami – *pad paper, notebook*, babasahin, iba't ibang uri ng card, *gift wrapper*, supot, pambalot, pampunas, pangdekorasyon, balota sa panahon ng eleksyon, dyaryo, at marami pang iba. Alam natin na ang papel ay nanggagaling sa kalikasan ( mga puno) at kung hindi papalitan ang mga yamang-likas na pinagkukunan nito ay maaari tayong kapusin sa paggawa nito sa mga darating na panahon.

Subalit hindi sa lahat ng pagkakataon ay scarcity o kakapusan ng pinagkukunang-yaman ang tanging dahilan ng problema sa ekonomiks. Ang paparaming pangangailangan at hilig pantao ay malaking suliranin din ng lipunan. Marami sa ating mga hilig ay mga artipisyal at luho lamang at malayo sa mga pangunahing pangangailangan ng tao. Halimbawa, ang ibang pangangailangan sa papel gaya ng *facial tissue* o *bathroom tissue* ay maaaring luho lamang dahil itinatapon lamang ang mga ito pagkagamit, ngunit nasanay na ang mga taga-syudad sa ganyang praktis na mas maginhawa para sa kanila, ngunit di naman talaga pangunahing pangangailangan. Kung tatanggapin ang pananaw na ito, ang problema sa scarcity ay hindi nakatuon sa kakulangan ng pinagkukunang-yaman kundi sa pagtitimpi at pagkokontrol ng mga hilig pantao.

Sa pamamagitan ng mga konsepto at prinsipyo sa ekonomiks, natutong gumawa ng paraan, magsanay, at gumamit ng teknolohiya ang mga tao sa iba't ibang panahon ng kasaysayan ng daigdig upang magamit ang limitado o kapos na pinagkukunang-yaman sa proseso ng produksyon. Dahil dito, nakalilikha at nakabubuo ang tao ng mga produkto at serbisyong magbibigay-kasiyahan sa mga miyembro ng lipunan, magpapagaan at magpapabilis ng mga kilos at gawain ng tao, at makapagdudulot ng kaginhawahan.

2. Ang ikalawang aspeto sa depinisyon ng ekonomiks ay ang paggamit at pamamahagi o *alokasyon* ng mga kakaunti at kapos na pinagkukunang-yaman sa lipunan. Kaakibat nito ang paggawa ng mga desisyon sa pagpili ng mga sari-saring alternatibo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao sa lipunan.

   Ang alokasyon ay isang mekanismo o proseso sa pamamahagi ng mga pinagkukunang-yaman sa iba't ibang gamit upang matugunan ang mga pangangailangan ng tao sa harap ng problema ng kakapusan. Nakapaloob sa prosesong ito ang paghahanay-hanay ng mga kahalagahan ng mga pangangailangan at hilig-pantao. Nakasalalay din sa porsesong ito ang

pagtiyak ng mga alternatibo upang makagawa ng desisyon sa paglutas ng mga suliraning pangkabuhayan at pangkaunlaran. Halimbawa, sa isang pamilya na may walong anak, maaaring di sapat ang kita ng mga magulang upang ibigay lahat ang pangangailangan at luho ng pamilya. Dahil dito, may mga gastusin na inuuna, gaya ng pagbili ng mga pangunahing pangangailangan sa pagkain upang mabuhay ang pamilya. Pangalawa ay ang pagpapa-aral sa mga anak upang sa hinaharap ay makaahon sa hirap ang pamilya. Sa gitna ng kakapusang ito, ipagpapaliban muna ang pagpapagawa ng bahay, pagbili ng telebisyon, at iba pang luho sa buhay. Ang mga magulang ay iiwas sa bisyo at luho; gayundin ang mga anak. Kung may kakapusan sa pera ay nangungutang at nagtitipid pang lalo upang mabayaran ang utang. Kung sa pamilyang ito ay hindi magsasagawa ng ganitong pagsasakripisyo o pagpaprayodidad, maaaring manatiling lubog sa kahirapan ang mga miyembro ng pamilyang ito.

Marahil ay nakita mo sa halimbawa ng pamilya na nakasalalay sa mga ninanais o mithiin sa hinaharap ang pagpili ng mga alternatibo sa isang pamilya. Ganyan din sa isang kumpanya ng produkto. Ang mga kumpanya ay nag-aaral din kung ano ang uunaahin sa paggasta at paggamit ng puhunan o tubo/kita ng kumpanya. May mga kumpanyang maliliit lamang ang mga gusali at kulang sa luho ang mga opisina ng mga opisyal, ngunit nagbibigay ng maraming benepisyo para sa kanilang mga manggagawa. Dahil dito, nananatiling mataas ang produksyon sapagkat matiwasay ang buhay ng mga manggagawa. Sa bansa ay gayon din. Sa pagtataya kung paano ibabadyet ang maliit na kita ng gobyerno, pumipili ng mas mahahalagang prayoridad ang pamahalaan upang maisulong ang kagalingang panlipunan. Saan ilalagay ang mas malaking pondo? Edukasyon ba muna o sandatahang lakas? Pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga mahihirap na mamamayan o paggamit ng pondo sa pangingibang-bansa ng mga opisyal ng pamahalaan? Kinakailangan bang mangutang nang mangutang sa labas ng bansa? Paano babayaran ang mga utang panlabas? Ang mga desisyong

iyan ay may malaking epekto sa ekonomiya at hinaharap ng ating bansa, hindi ba?


3. Ang pang-apat na aspeto o salik ng ekonomiks ay ang pamamahala. Sa katunayan, nagmula ang salitang ekonomiks sa salitang *oikonomeia,* isang salitang Griyego na ang ibig sabihin ay pamamahala ng tahanan. Ngayon, ang salitang ekonomiks ay itinuturing na isang siyensiya ng pamamahala upang magamit nang mabisa ang mga kapos na pinagkukunang-yaman at matugunan ang sari-saring pangangailangan ng bawat tahanan, bahay-kalakalan o pagawaan, at maging ng pamahalaan.

   Dahil nga sa kakapusan, kinakailangan ang pinakamatipid at pinakamabisang paraan upang makalikha ng pinakamahusay at de-kalidad na produkto at mga serbisyo para sa mga pangangailangan at hilig-pantao. Upang maisagawa iyan, kinakailangan ang mabuting pamamahala. Sa proseso ng pamamahala ng kalakalan, sinasagot ang tatlong pangunahing katanungan sa ekonomiks: kung ano ang gagawin o lilikhaing produkto o serbisyo, sa paanong paraan ihahanda ang mga ito, sino ang gagawa o maghahanda nito, at para kanino ang mga lilikhain o ihahandang produkto at serbisyo. Dahil dito, nakalilikha ng iba't ibang uri ng mga produkto para sa iba't ibang gamit na hindi na mabilang sa dami at uri.

   Ang ekonomiks bilang isang agham ng pamamahala ay sumasaklaw sa siyentipikong paraan ng pagsasama-sama ng mga salik ng produksyon (yamang-likas, yamang-tao, puhunan at teknolohiya) upang makalikha ng mataas na kalidad na produkto at serbisyo sa pinakamatipid at pinakamabisang paraan. Nagkakaroon din ng iba't ibang espesyalisasyon at pagpapakadalubhasa sa iba't ibang uri ng gawain at hanapbuhay upang matugunan ang mga pangangailangan at hilig-pantao sa lipunan. Tatalakayin nang mas malalim ang mga salik at proseso ng produksyon, gayundin ang espesyalisasyon sa mga susunod na modyul.

   Sa kasalukuyan, iniaangkop din ang salitang *oikonomeia* o ekonomiya sa pamamahala ng kalakalan at kaunlaran ng mga bansa. Sa pamamahala ng pambansang kaunlaran, mahalaga ang paggawa at pagpapatupad ng mga

batas upang di lamang patuloy na pasiglahin ang pamilihan at pataasin ang produksyon kundi upang isulong din ang seguridad na pang-ekonomiya, at ang kalahatang pagtaas ng kalidad ng pamumuhay ng mga tao sa bawat bansa.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Marahil malinaw na sa iyo ang kahulugan at mga aspeto ng ekonomiks, buhat sa mga nabasa mo sa araling ito. Palalimin pa natin ang iyong kaalaman.

Panuto: Suriin mo ang mga konsepto at paliwanag sa Hanay A at B at pagtapat-tapatin mo ang mga salita at kahulugan ng mga ito. Isulat sa patlang sa Hanay A ang titik ng tamang sagot mula sa Hanay B. Pagkatapos ay itsek mo kung tama ang iyong mga sagot sa *Gabay sa Pagwawasto* sa hulihan ng modyul.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ___ 1. Alokasyon | A. Salitang Griyego na ibig sabihin ay pamamahala ng mga gawaing pantahanan |
| ___ 2. Produksyon | B. Kakapusan ng pinagkukunang-yaman |
| ___ 3. Oikonomeia | C. Mga nagbabagong pangangailangan, pagnanais, luho, at kagustuhang magdudulot ng kaginhawahan ngunit maaaring ipagpaliban kung walang sapat na suplay |
| ___ 4. Alternatibo | D. Mga yamang-likas, yamang-tao, at yamang-gawang tao na ginagamit sa proseso ng produksyon upang gumawa ng mga bagay na kailangan ng tao para sa kanyang kabuhayan, kaginhawahan, kasiyahan, at kagalingan. |

| | |
|---|---|
| ___ 5. Produkto | E. Isang mekanismo o proseso ng pamamahagi ng mga pinagkukunang-yaman sa iba't ibang gamit upang matugunan ang dumaraming pangangailangan at hilig-pantao |
| ___ 6. Serbisyo | F. Pagsasanib ng mga yamang-likas, yamang-tao, puhunan, at paggawa sa paraang pinakamatipid upang makabuo o makalikha ng pinakamahusay o de-kalidad na kalakal o serbisyong tutugon sa mga pangangailangan at hilig-pantao |
| ___7. Hilig Pantao | G. Mga pagpipilian sa proseso ng alokasyon o pamamahagi ng pinagkukunang-yaman at sa paggamit ng mga produkto at serbisyong makatutugon sa mga pangangailangan at hilig-pantao |
| ___8. Pangunahing Pangangailangan | H. Materyal na bagay na may iba't ibang gamit na kinokonsumo ng mga tao upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan at hilig. |
| ___9. Scarcity | I. Mga gawaing-tao na nagbibigay ng paglilingkod gamit ang mga napag-aralang kaalaman at kasanayan sa iba't ibang larangan gaya ng edukasyon, kalusugan, telekomunikasyon, at iba pa |
| ___10. Pinagkukunang-yaman | J. Mga bagay na kailangan ng tao upang manatiling buhay at kapakipakinabang sa lipunan at di maaaring hindi matamo o ipagpaliban. Nauuri ang mga ito sa dalawa: materyal at di-materyal. |



**Tandaan Mo!**

- Ang ekonomiks ay isang agham panlipunan na natutungkol sa paggamit at alokasyon o pamamahagi ng mga kapos na pinagkukunang-yaman ng lipunan upang makalikha ng pinakamahusay at de-kalidad ng mga produkto at serbisyong makatutugon sa paparaming pangangailangan at hilig ng tao sa paraang pinakamatipid at pinakamabisa.
- Ang pag-aaral ng ekonomiks ay may dalawang sangay: maykro-ekonomiks at makro-ekonomiks. Ang pokus ng maykro-ekonomiks ay sa produksyon, demand at suplay, at pagpapalago ng kita ng indibidwal o bahay kalakalan. Ang makro-ekonomiks ay nakapokus naman sa pangkalahatang pagpapaunlad ng kalakalan, pananalapi, at kagalingang panlipunan sa loob at labas ng bansa o sa buong daigdig
- Sa pag-aaral ng ekonomiks, inuunawa ang mga konsepto at suliranin ng kakapusan at paparaming pangangailangan at hilig-pantao, alokasyon, alternatibong desisyon, at pamamahala ng mga gawaing pamproduksyon at pangkalahatang kaunlaran.



**Gawain 3: Paglalapat**

Suriin mo kung paano nagsasagawa ng desisyong pang-ekonomiks ang iyong pamilya. Magbigay ka ng isang pangunahing suliraning pang-ekonomiya na naranasan o nararanasan ng inyong pamilya. Pagkatapos ay isipin mo kung paano ang solusyong isinagawa ng iyong mga magulang. Kung ikaw ang nasa kalagayan nila, ganoon din ba ang iyong gagawin? Bakit? Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon, bakit? Ano ang maimumungkahi mo? Isulat mo ang iyong pagsusuri sa talahanayan.


| Suliraning Pang-ekonomiks sa Iyong Pamilya: | Desisyon ng iyong mga magulang: | Sang-ayon ka ba? Bakit? | Di ka ba sang-ayon? Bakit? Ano ang mungkahi mo? |
|---|---|---|---|
| | | | |

**ARALIN 3**

**LAYUNIN AT KAHALAGAHAN NG EKONOMIKS**



Karaniwang nahahati ang mg tao sa lipunan at ang mga bansa sa daigdig sa dalawa: mahirap at mayaman. Ang tao at mga bansang may maunlad na ekonomiya ay nabibilang sa mayaman; at ang mga tao at mga bansang di-maunlad ang ekonomiya ay nabibilang sa mahirap. May papel bang ginagampanan ang ekonomiks sa pagsulong ng kabuhayan ng mga tao at mga bansa? Sa araling ito, pahapyaw nating sasagutin ang katanungang iyan. Inaasahang ang mga susunod na modyul ay magbibigay pa nang mas malalim na pagtalakay sa mga matututuhan mo sa araling ito.



Pagkatapos mo ng mga gawain sa araling ito; inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang mga dahilan ng mga pagsusuri at layunin ng pag-aaral sa ekonomiks; at
2. Matukoy ang kahalagahan ng eknonomiks sa iba't ibang sektor at aspeto ng lipunan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo**

Sa Aralin 2 ay natutuhan mo na ang ekonomiks ay tumutugon sa ating mga pangangailangan at kagustuhan. Sa talahanayan ay may mga halimbawa ng mga pangangailangan at kagustuhan ng bawat pamilya. Mag-isip ka sandali at suriin kung sapat ba o hindi ang mga ito para sa iyong pamilya? Tsekan mo ang hanay na angkop para sa kalagayan ng iyong pamilya.

| Mga Pangangailangan | Sapat | Kulang | Wala | Mga Kagustuhan | Sapat | Kulang | Wala |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Pagkain sa umaga, tanghali, at gabi<br>2. Gamit sa eskwela gaya ng bag, lapis at libro<br>3. Kuryente<br>4. Malinis na tubig na maiinom<br>5. Gamot kung nagkakasakit | | | | 1. Mamahaling maong at damit<br>2. Magarang kotse<br>3. Celfone<br>4. Pagsakay sa eroplano<br>5.Pagtuturista sa Boracay | | | |

**Mga Layunin ng Ekonomiks**

Lahat ba ng nakatala sa tsart ay natatamo ng iyong pamilya? Alin lamang ang mayroon kayo? Alin sapat? Alin ang Kulang? Ano ang wala? Ano ang iyong nararamdaman kung hindi natutugunan ng iyong mga magulang ang iyong mga pangangailangan? Ano naman kaya ang nararamdaman ng iyong mga magulang kung hindi nila naibibigay sa iyo ang iyong mga pangangailangan at mga hilig?

Ipinakita sa Aralin 2 na ang pagtugon sa mga pangangailangan ng mga tao at mga bansa ang pangunahing layunin ng ekonomiks. Ito ang dahilan kung bakit may mga pag-aaral na isinasagawa sa maykro-ekonomiks at sa makro-ekonomiks.

Karaniwang ang mga maykaya sa buhay o yaong may mga sapat o malalaking kinikita o hanapbuhay ang nakatutugon ng kanilang mga pangangailangan at kagustuhan sa buhay. Paano naman ang mga mahihirap lalung-lalo na ang mga naghihikahos? Ano nga ba ang layunin ng ekonomiks?

May dalawang mahalagang miyembro ng isang sistemang pang-ekonomiya: ang *household* o tahanan na siyang mga tagakonsumo o tagabili ng mga produkto at serbisyo; at ang *business firm* o ang mga bahay-kalakalan na siyang tagagawa ng produkto at serbisyo. Ang unang gawain ng ekonomiks ay ang pagpapalawak ng mga espesyalisasyon at produksyon upang magkaroon ang lipunan ng iba't ibang uri at dami ng produkto at serbisyong kailangan ng tao. Pangalawa, kailangang mabigyan ng pagkakataon ang mga tao sa household o tahanan upang kumita at magkaroon ng salaping ipambibili ng mga produkto at serbisyong kanilang kailangan. Ang pangangailangan sa pagpapalaki ng produksyon ang nagdudulot ng empleyo o hanapbuhay sa mga tao sa iba't ibang antas ng lipunan. Kung may empleyo, may susuwelduhin ang mga tao, at may maipambibili ng mga pangangailangan at kagustuhan sa buhay. Habang bumibili ang mga tao, kailangang patuloy din ang produksyon upang may kitain at may gamiting salapi sa pagbili at pagkonsumo ang mga tao. Pangatlo, nararapat din ang pag-iimpok ng mga surplus ng kita at tubo sa produksyon

upang lumago pang lalo ang salaping umiikot sa mga miyembro ng ekonomiya – ang mga tagapaghatid ng produkto at serbisyo (*firm*) at ang mga tagakonsumo (mga tahanan). Kinakailangan ang patuloy na pag-ikot ng ganitong relasyon sa ekonomiya. Nagdudulot ito ng tinatawag na paglaki ng produksyon o pagsulong ng ekonomiya at pagtaas ng empleyo at inimpok na kita. Tinatawag ito sa Ingles na *growth* o pagsulong ng kalakalan. Ang tatlong magkakawing na gawaing nabanggit ang bumubuo ng unang layunin ng ekonomiks.

Ang *growth* o pagsulong ay kailangan sa isang ekonomiya dahil ito ang nagpapayaman at nagbibigay ng katatagan o *stability,* at seguridad o *security* sa mga tao at sa isang bansa. May seguridad sa isang bansa kung sa patuloy na *growth* o pagsulong nito, nakokontrol ang pagtaas ng presyo ng bilihin at nakasasapat pa rin ang kinikita ng mga tao sa pagbili ng kanilang mga kailangang produkto at serbisyo. Bukod dito, maituturing na may seguridad din sa bansa kung hindi nakaaapekto sa kalakalan at pamilihan ang manaka-nakang mga suliraning pangkalikasan o pangdigmaan sa loob at labas ng isang bansa.

Bagamat ang *growth* ay kailangan upang umunlad ang isang bansa, hindi ito ang siyang pinakaultimong layunin ng ekonomiks. Ang ikalawang layunin ng ekonomiks ay ang pag-unlad (*development*). May pagsulong kung nakikita nating lumalaki ang produksyon at maraming negosyong naitatayo, at sa gayo'y maraming negosyanteng yumayaman. Ngunit sa kabila niyan, maraming mahihirap pa rin ang naghihikahos sa buhay. May pag-unlad kung sa pagsulong na nagaganap, ang mga kapwa mahirap at mayaman ay nagkakaroon ng sapat at pantay-pantay na pagkakataon upang maitaas ang antas ng kanilang pamumuhay at natutugunan hindi lamang ang kanilang mga pangunahing pangangailangan sa pagkain at kalusugan kundi pati na ang may kinalaman sa kagalingang panlipunan gaya ng sapat at mataas na kita, maayos at de-kalidad na edukasyon, matatag na pamumuhay, at pagtatamasa ng pantay-pantay na oportunidad sa pamumuhay. Pareho nating kailangan ang pagsulong at pag-unlad. Walang magaganap na pag-unlad kung hindi magkakaroon ng pagsulong. Halimbawa, kung walang katiyakan ang hanapbuhay ng isang tao, hindi rin niya

matutugon ang kanyang mga pangangailangan. Kung mayroon siyang matatag na hanapbuhay at sapat na impok, maaari na siyang mabuhay ng matiwasay at komportable sapagkat makakamtan niya di lamang ang mga pangangailangan niya kundi pati kanyang mga naisin o kagustuhan. Ang diwa ng kaunlaran ay ang pagkakapantay-pantay ng mga tao sa paggawa ng desisyon sa ekonomiya, pakikilahok sa pagsulong na nagaganap sa pamamagitan ng pagkakaroon ng matatag na hanapbuhay, at sa pagtaas ng antas o kalidad ng kanilang buhay.

Pagsulong at pag-unlad ang layunin ng ekonomiks. Upang masiguro na ang pagsulong at pag-unlad ay matatamo ng mga tao sa isang bansa, ang pamahalaan ay nagsasagawa ng mga hakbang at bumubuo ng mga patakaran upang matamo ang pangkalahatang kaunlaran at kagalingang panlipunan.

**Kahalagahan ng Ekonomiks**

Ang natalakay nating mga layunin ng ekonomiks ay nagpapatunay na ang ekonomiks ay sadyang mahalaga. Ang pagtatamo ng pagsulong at pag-unlad ng mga tao at ng mga bansa ay nakasalalay sa mabuting pamamahala at pagpapalago ng ekonomiya. Gaya ng nabanggit na, kadalasa'y nakasalalay sa mabuting pamamahala ng mga gawaing pangkabuhayan (*growth)* at pangkaunlaran (*development*) ang ikinayayaman ng mga tao at ng mga bansa.

Dahil sa ang ekonomiks ay tungkol sa mabuting pamamahala upang mapaunlad ang bawat pamilya sa isang bansa, malaki ang maitutulong nito sa kinabukasan ng mga kabataan at mag-aaral na gaya mo. Kung lubusan mong mauunawaan ang mga konsepto at prinsipyong nakapaloob sa agham na ito, matututo kang maging mapagsuri at mapagtanong sa mga nangyayari sa ating ekonomiya. Mahuhunog ng pang-unawa ng ekonomiks ang mga gawi, asal, at pamamaraang makatutulong sa mga kabataang katulad mo sa pagdedesisyon at paghahanapbuhay sa kinabukasan. Bagamat ang pagdedesisyon at ang paghahanapbuhay sa ngayon ay ginagampanan ng iyong mga magulang, ang kanilang desisyon at pagkilos ay batay rin sa nga pangangailangan at

kagustuhan ng kanilang mga anak. Hindi natin maihihiwalay ang kabataang gaya mo sa istruktura ng ekonomiya. Sa maliit na paraan, ikaw ay gumagamit din ng salapi, namimili, pumipili ng alternatibo, gumagamit ng mga pinagkukunang-yaman, tumutulong sa paghahanapbuhay, at sa paggasta at pagtitipid sa iyong tahanan. Sa pagpili ng iyong pagkakagastusan, nagagamit mo ang prinsipyo ng alokasyon at pamamahala. Halimbawa, kung nakatulong ka sa panahon ng pag-aani sa bukid at nabigyan ka ng P150.00 bayad sa maghapon, ano ang gagawin mo? Kung matalino kang magdesisyon, maaaring may maiambag ka sa pangangailangan ng pamilya, gaya ng bigas at ulam, o kaya's ipunin mo ang kaunting halaga at palaguin mo ang iyong impok para sa panahon ng pangangailangan. Ngunit kung ang iisipin mo lamang ay pansariling hilig at luho, maaaring ipang-sine mo na lamang o ibili ng hilig mong babasahin ang iyong pera kahit na nakikita mong nagsasakripisyo ang iyong pamilya. Ang pagbabadyet ng iyong panahon at pagdedesisyon kung paano mo gagamitin nang mas makabuluhan ang iyong oras para sa iba't ibang gawain ay bahagi rin ng ekonomiks.


Para sa mga establisimyentong pangkalakal, hindi makakikilos at makapagpapalago ng negosyo ang mga prodyuser kung kulang ang kanilang kaalaman sa ekonomiks. Ang pamilihan o merkado ay nagiging buhay at masigla dahil sa mga konsepto at prinsipyong gumagabay sa pagtaas at pagbaba ng presyo, demand at suplay, at pagpaparami ng produkto. Kung maraming produksyon, marami ring empleyo.

Sa iyong pamayanan, maliit na barangay man o siyudad, nakikita at nararamdaman mo ang impluwensiya ng ekonomiks. Mahalaga ang ekonomiks sa pagsulong at pag-unlad ng mga pamayanan. Kung papansinin mo, ang pagkakaroon ng pamamaraan at pag-oorganisa ng mga mamamayan sa pagpapalago ng kita ay bahagi ng ekonomiks. Kung oobserbahan mo, maging ang mga drayber ng traysikel sa inyong lugar ay mayroon na ngayong mga asosasyon upang kanilang napaplano ang paraan ng pagtaas ng kanilang kita. Ang pagpapabuti ng mga pamilihan at pagpaparami ng empleyo sa barangay ay dulot ng mga kaalaman sa ekonomiks. Sa buong bansa, ay ganyan din ang mga

suliraning tinutugon ng ekonomiks. Ang pagtatamo ng pagsulong at pag-unlad ang nilalayon ng mga bansa

Sa panahon ngayon ng globalisasyon, ang ating bansa ay kalahok din sa mga pandaigdigang suliranin sa ekonomiks. Ang pag-eeksport at pag-iimport ng mga kalakal ay patuloy na nagbibigay-daan sa malayang pakikipagkalakalan ng mga bansa. Ang implasyon o pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa ating bansa ay dala ng pandaigdigang mga suliranin at hindi sa ating bansa lamang. Kung wala tayong sapat na kaalaman at kakayahan sa pamamahala ng ekonomiya, ang ating bansa ay di makararanas ng pagsulong at pag-unlad ng ibang mga bansa sa Asya.

Kayat kung tutuusin, mula sa pagdilat ng iyong mga mata sa umaga, hanggang sa muli mong pagtulog sa gabi, kaagapay mo ang ekonomiks sa pagtahak ng landas ng pagsulong at pag-unlad. Sang-ayon ka ba?



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Naunawaan mo na marahil ang layunin ng ekonomiks. Pag-aralan mo ang mga nakalistang gawain at ihanay mo sa tamang hanay. Isulat kung ang tinutukoy ay layunin tungo sa pagsulong o *growth*, at layunin tungo sa pag-unlad o *development*. Basahin mong muli ang teksto ng aralin kung kinakailangan. Pagkatapos ng gawain, itsek mo ang iyong sagot sa Gabay sa Pagwawasto sa hulihan ng modyul.

*gawing masigla ang kompetisyon sa produksyon*

*paglaki ng kita ng gobyerno* *pag-eeksport ng kalakal sa ibang bansa*

*pagdami ng produskyon ng mga kalakal* *pagtaas ng sahod ng manggagawa*

*pagtaas ng tubo o kita ng mga negosyante*

*pagtaas ng pambansang kita* *pamumuhay ng walang kahirapan*

*pagtatamasa ng mga karapatang maghanapbuhay*

*pagkakamit ng kaginhawahan sa buhay, mahirap man o mayaman*

***Talahanayan:***

| **Pagsulong (*Growth*)** | **Pag-unlad (*Development*)** |
| --- | --- |
| | |



**Tandaan Mo!**

- Pagsulong (*growth*) at pag-unlad (*development*) ang magkaugnay at di mapaghihiwalay na layunin ng ekonomiks. Ang pagsulong ay nakikita sa dami at lawak ng mga produkto at serbisyong nalilikha at naibibigay ng isang ekonomiya upang matugunan ang pangangailangan at kagustuhan ng tao, gayundin sa patuloy na pagtaas ng pambansang kita at empleyo. Ang pag-unlad ay nakikita sa pangkalahatang pagtaas ng kalidad o antas ng pamumuhay ng tao, pagliit ng mga insidente ng kahirapan, at pagkakaroon ng kagalingang panlipunan.
- Upang masiguro na ang pagsulong at pag-unlad ay matatamo ng mga tao sa isang bansa, ang pamahalaan ay kinakailangang nagsasagawa ng mga hakbang at bumubuo ng mga angkop na patakarang pang-ekonomiya.
- Mahalaga ang pag-aaral ng ekonomiks upang matulungan sa matalinong pagdedesisyon ang mga kabataan, mga umuugit ng pamahalaan, at mga bansa sa buong daigdig hinggil sa pagpapatatag ng ekonomiya at sa pagpapairal ng kagalingang panlipunan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Buuin mo ang sumusunod na matrix. Magbigay ng sariling halimbawa, batay sa obserbasyon mo sa pang-araw-araw na buhay, ng isang kahalagahan ng ekonomiks para sa bawat hanay. Magbigay ng halimbawa ng mga nakikita mo sa iyong paligid kung paano nakatutulong o makatutulong ang kaalaman sa ekonomiks sa iyong sarili, sa isang pamilya, sa barangay o pamayanan, sa bansa, at sa daigdig.

**Kahalagahan ng o Bahaging Ginagampanan ng Ekonomiks**

| Sarili | Pamilya | Barangay | Bansa | Daigdig |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Binigyang-diin ng modyul na ito ang mga sumusunod na mahahalagang konsepto:

- Ang ekonomiks ay isang agham panlipunan na natutungkol sa paggamit at alokasyon o pamamahagi ng mga kapos na pinagkukunang-yaman ng lipunan upang makalikha ng pinakamahusay at de-kalidad ng mga produkto at serbisyong makatutugon sa paparaming pangangailangan at hilig ng tao sa paraang pinakamatipid at pinakamabisa.
- Ang pag-aaral ng ekonomiks ay may dalawang sangay: maykro-ekonomiks at makro-ekonomiks.
- Bilang isang agham, gumagamit ang ekonomiks ng siyentipikong pamamaraan
- at mga kasangkapan o kagamitan sa paglikom ng datos o impormasyon upang makabuo ng matalinong kongklusyon, prediksyon, at rekomendasyong pangkabuhayan.
- Pagsulong (*growth*) at pag-unlad (*development*) ang magkaugnay at di mapaghihiwalay na layunin ng ekonomiks. Dahil dito, mahalaga ang ginagampanang papel ng ekonomiks sa pagtulong sa mga kabataan, sa pamahalaan, sa bansa at sa daigdig upang matamo ang kaunlarang pangkabuhayan at katatagan ng lipunan.



**PANGHULING PAGSUSULIT**

Panuto: Kumpletohin mo ang mga pangungusap sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot mula sa Hanay B sa patlang sa Hanay A.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _____1. Ang ekonomiks ay nagbuhat sa salitang oikonomeia na ang ibig sabihin ay _________________. | A. kakapusan ng pinagkukunang-yaman at paparami at walang hangganang pangangailangan at hilig-pantao. |
| _____2. Isang agham panlipunan ang ekonomiks dahil ______________________. | B. yamang-tao, yamang-likas, at puhunan. |
| _____3. Ang ibig sabihin ng kakapusan ay ___________________________________. | C. ano ang lilikhain o bubuuing produkto o serbisyo; paano lilikhain o bubuuin ang mga produkto o serbisyo; at para kanino ang mga kailangang produkto o serbisyo? |
| _____ 4. Kung ang pinagkukunang-yaman ay may hangganan, ang pangangailangan at hilig-pantao naman ay _________________. | D. siyentipikong pamamaraan. |
| _____5. Nagkakaroon ng kakapusan sa daigdig dahil ________________________. | E. magkaroon ng batayan at pruweba sa pagtukoy ng kongklusyon at paggawa ng desisyon hinggil sa mga isyung pang-ekonomiya. |
| _____6. Ang pangunahing suliranin ng tao na tinutugunan ng ekonomiks ay ____________ ___________________________________. | F. matamo ang pag-unlad sa pamamagitan ng pagtaas ng antas ng pamumuhay ng bawat tao sa bansa |

| | |
|---|---|
| ____7. Ang tatlong pangunahing uri ng pinagkukunang-yaman na mahalaga sa pagbuo ng mga produkto at serbisyo ay ________, ___________, at __________. | at sa buong daigdig.<br><br>G. patuloy na nadaragdagan at walang hangganan ang pagdami. |
| ____8. Dalawang uri ang pangangailangan ng tao: __________________________, at _________________________. | H. napag-aaralan dito kung paano tutulungan ang bansa sa pagsasakatuparan ng pagsulong na pang-ekonomiya at pag-unlad ng lipunan. |
| ____9. Ang mga pangangailangan ng mga tao upang manatiling buhay at malusog sa araw-araw ay tinatawag na ____________. | I. makabubuo sila ng tamang gawi, kaalaman, at kasanayan sa pagdedesisyon at paghahanapbuhay na makatutulong sa kanilang kinabukasan. |
| ____10. Ang ekonomiks ay _____________ __________________________________ _. | J. nananatili ang sukat ng daigdig at dami ng kalikasan habang patuloy na lumalaki ang populasyon ng daigdig. |
| ____11. Ang alokasyon ay pamamaraan o mekanismo ng ______________________.<br><br>____________________________________<br><br>____12. Ang tatlong pangunahing katanungang sinasagot ng ekonomiks ay _______________, _________________, | K. agham panlipunan na tumatalakay sa pagtugon ng mga pangangailangan at hilig-pantao sa pamamagitan ng paggamit at pamamahagi ng pinagkukunang-yaman at pagbuo ng pinakamataas na kalidad ng produkto at serbisyo sa |

| | |
|---|---|
| at<br>____________________________. | paraang pinakamatipid. |
| _____13. Ang sangay ng ekonomiks na tumutukoy sa pagpapalago ng kita ng tao at ng bahay-kalakal lamang ay tinatawag na ______________________. | L. pinag-aaralan dito kung paano matutugunan ang mga pangangailangan ng mga tao sa lipunan.<br><br>M. materyal at di-materyal. |
| _____14. Ang sangay ng ekonomiks na nagsusuri ng mga impluwensiya ng kalakalan sa pagtaas ng pambansang kita at paglawak ng kalakalang pandaigdigan ay tinatawag na ____________________. | N. hindi nakakasapat ang pinagkukunang-yaman upang matugunan ang paparaming pangangailangan at hilig-pantao.<br><br>O. pamamahala ng tahanan. |
| _____15. Ang pagsasagawa ng desisyong pang-ekonomiks ay nangangailangan ng pagpili ng ____________________. | P. mga pangunahing pangangailangan. |
| _____16. Bilang isang agham panlipunan, gumagamit ng ____________________ sa pag-aaral ang ekonomiks. | Q. pamamahagi ng mga pinagkukunag-yaman sa iba't ibang gamit. |
| _____17. Ang pinakamahalaga o pinakaultimong layunin ng ekonomiks ay ___________________________. | R. alternatibo.<br><br>S. makro-ekonomiks. |
| _____18. Mahalaga ang ekonomiks para sa kabataan sa dahilang ________________. | T. maykro-ekonomiks. |

| | |
|---|---|
| ____19. Mahalaga ang ekonomiks sa lipunan sa dahilang ____________________.<br><br>____20. Gumagamit ng mga kasangkapan sa ekonomiks gaya ng statistiks, pormula, matematiks, at mga datos o impormasyon upang _____________________. | |

Binabati kita at natapos mo ang modyul na ito. Ang mga susunod na modyul ay magpapalalim ng iyong pang-unawa sa mga paksang tinalakay natin sa panimulang modyul na ito. Huwag mong kalimutang itsek ang iyong mga kasagutan sa panghuling pagsusulit sa *Gabay ng Pagwawasto* sa hulihan ng modyul.



**GABAY SA PAGWAWASTO**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**:

| | |
|---|---|
| 1. E | 11. B |
| 2. F | 12. D |
| 3. A | 13. D |
| 4. G | 14. B |
| 5. H | 15. D |
| 6. I | 16. B |
| 7. C | 17. B |
| 8. J | 18. C |
| 9. B | 19. D |
| 10. D | 20. A |

**ARALIN 1 ANG EKONOMIKS BILANG AGHAM PANLIPUNAN**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sagot: Lahat ng halimbawang balita ay bahagi ng pag-aaral ng ekonomiks. Ang mga paksa ay tungkol sa mga konsepto at isyung pang-ekonomiks gaya ng:

*Balita 1:* Suplay ng produkto at pagtaas ng presyo

*Balita 2:* Pagdami ng pamilihan at dagdag na empleyo

*Balita 3:* Pagtaas ng kita at paglutas ng kahirapan

*Balita 4*: Kontribusyon ng isang sektor ng ekonomiya (OFWs) sa pambansang kita

*Balita 5*: Pagtaas ng gastusin at mababang kita ng mga manggagawa

*Balita 6:* Pag-iimpok at pagbabangko

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sagot: Ipinakikita sa Figure 4 na ang pangkat o sektor ng serbisyo ay may pinakamalaking porsiyento o naiambag sa kabuuang pambansang kita ng Pilipinas mula 1996-2000. Sinuportahan naman ito ng larawan sa Figure 5 kung saan nakalarawan na nagunguna ang serbisyo kaysa agrikultura at industriya.

Masasabi natin, batay sa mga datos sa Figure 4 at 5, na ang ekonomiya ng Pilipinas ay kumikiling sa pagbibigay ng serbisyo at di na gaya ng dati na ang malaking bahagdan ng mga hanapbuhay at kita ay nakasalalay sa agrikultura. Isa sa mga dahilan nito ay ang lumalawak na urbanisasyon at dumaraming OCWs na naglilingkod sa iba't ibang larangan sa iba't ibang bansa.

**Gawain 3: Paglalapat**

Sagot: Ipinakikita sa halimbawang survey na kunwari'y isinagawa mo, na ang inyong bayan ng Talisay ay di pa gaanong mayaman batay sa kabuuang kinita ng iba't ibagn sektor sa buong taon, na hindi man lamang umabot sa isang milyong piso. Sa lahat ng pangkat ng manggagawa na naisali sa survey, ang mga maggugulay ang may pinakamababang kita kaya't sila ang nararapat na tulungan ng pamahalaang bayan upang mapaunlad pa ang kanilang hanapbuhay. Maaaring magbigay ng mga pataba upang dumami ang ani, at magtayo ng pampublikong palengke o tiyangge kung saan makapamimili ang marami at lalaki ang kita ng mga maggugulay. Ang pagpapautang upang paramihin ang mga taniman ng gulay ay isa ring mungkahi para bumuti ang sitwasyon ng mga maggugulay.

## ARALIN 2 KAHULUGAN AT SAKLAW NG EKONOMIKS

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ipatsek mo sa gurong tagapamahala ang iyong sagot. Kailangang angkop ang iyong paliwanag sa napili mong depinisyon ng ekonomiks sa mga natalakay

na sa unang aralin. Maaaring tanggapin ang anumang sagot. Ikumpara mo ang iyong sagot sa pag-aaral mo ng teksto ng aralin.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman:**

Mga Sagot:

| | |
|---|---|
| 1. E | 6. I |
| 2. F | 7. C |
| 3. A | 8. J |
| 4. G | 9. B |
| 5. H | 10. D |

**Gawain 3: Paglalapat**

Ipatsek mo sa gurong tagapamahala ang iyong sagot. Alinmang suliranin ay tama kung pang-ekonomiks ang suliraning pinili mo. Mahalag sa iyong sagot ang paliwanag kung bakit sang-ayon ka o hindi sa desisyon, at kung anon ang maiimungkahi mo batay sa iyong karanasan.

## ARALIN 3 LAYUNIN AT KAHALAGAHAN NG EKONOMIKS

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ipatsek mo ang iyong sagot sa gurong tagapamahala. Depende ang sagot mo sa sitwasyon mo sa inyong tahanan.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**:

Sagot:

| **Pagsulong (*Growth*)** | **Pag-unlad (*Development)*** |
|---|---|
| 1. gawing masigla ang kumpetisyon sa | 1. pamumuhay nang |

| | |
|---|---|
| produksyon<br>2. pagdami ng produksyon ng mga kalakal<br>3. pag-eeksport ng mga kalakal sa ibang bansa<br>4. pagtaas ng pambansang kita<br>5. pagtaas ng tubo o kita ng mga negosyante<br>6. paglaki ng kita ng gobyerno<br>7. pagtaas ng sahod ng mga manggagawa | walang kahirapan<br>2. pagtatamasa ng karapatang maghanapbuhay<br>3. pagkakamit ng kaginhawahan sa buhay, mahirap man o mayaman |

**Gawain 3: Paglalapat**

Ipatsek mo sa gurong tagapamahala ang matrix na nabuo mo. Ang mga sagot ay batay sa iyong karanasan at mg aobserbasyon sa iyong paligid ngunit dapat na akma sa mga natalakay sa aralin.

**PANGHULING PAGSUSULIT**:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. O | 6. A | 11. Q | 16. D |
| 2. L | 7. B | 12. C | 17. F |
| 3. N | 8. M | 13. S | 18. I |
| 4. G | 9. P | 14. T | 19. H |
| 5. J | 10. K | 15. R | 20. E |